



Mga Disiplina sa Paaralan: Gabay ng Magulang

Anong mga pag-uugali ang maaaring maging resulta ng disiplina?

Ang bawat distrito ng paaralan ay nagpapatupad ng mga patakaran, alinsunod sa mga batas ng estado, na naglalarawan kung anong mga paggawi ang hindi katanggap-tanggap. Kabilang sa mga halimbawa ay ang pakikipag-away, pambu-bully, hindi pakikipagtulungan, o paglabag sa pagbabawal sa alkohol. Ang mga mag-aaral, magulang, at mga pamilya ay dapat na kasangkot kapag ang mga distrito ay gumawa at nag-update ng kanilang mga patakaran, at ang mga patakaran ay dapat available sa publiko. Kung hindi ka pamilyar sa patakaran ng disiplina ng iyong distrito, humingi ng kopya sa punong-guro o sa tagapangasiwa ng paaralan. Kung interesado ka sa pagpapalit ng mga lokal na patakaran sa disiplina, pag-isipan ang pagdalo sa isang pulong ng lupon ng paaralan o makipag-ugnayan sa superintendente ng distrito upang tanungin kung paano ka masasangkot.



Anong mga aksyon ang maaaring gawin ng distrito ng paaralan bilang tugon sa mga paglabag sa paggawi?

- Pagtuturo o muling pagtuturo ng kung anong paggawi ang inaasahan
- Mga oral o nasusulat na feedback
- Abiso sa mga magulang o komperensya
- Karagdagang pangangasiwa
- Nawalang mga pribilehiyo
- Detensyon sa oras ng pananghalian o pagkatapos ng klase
- Pagmonitor sa paggawi o isang kontrata ng paggawi
- Suspensyon sa loob-ng-paaralan o labas-ng-paaralan
- Mga gawaing justice restorative
- Pagpapayo o mga serbisyong behavioral health
- Serbisyong pang-komunidad o pagbabayad-pinsala
- Mga serbisyo ng suporta sa mag-aaral

Ang pananakit sa mga mag-aaral o pagkakait ng masustansyang pagkain sa mga mag-aaral bilang disiplina ay parehong ipinagbabawal.

T: Sa anong pagkakataon puwedeng alisin ang isang estudyante sa silid-aralan, at ano ang kasunod na mangyayari?

Maaaring alisin ng isang guro ang isang mag-aaral mula sa klase kung siya ay nakakagambala sa pagkatuto ng iba. Ang tawag dito ay "pagbubukod ng silid-aralan." Bago ang pagbubukod, dapat na subukan ng guro na tulungan ang mag-aaral na maabot ang inaasahang paggawi. Hinihimok ng mga bagong patakaran sa disiplina ang mga paaralan na gumamit ng positibong pamamaraan para sa paggawi at ang pagbubukod ng mga mag-aaral ay ang huling paraan. Ngunit kung ang paggawi ng mag-aaral ay mapanganib sa iba o seryosong banta sa pagkatuto, maaaring ibukod ng guro ang mag-aaral at ipaalam kaagad ito sa prinsipal.

Ang mga bagong tuntunin sa pagdisiplina ng estado ay nag-aatas sa mga paaralan na ipaalam sa mga magulang ang tungkol sa pagbubukod ng silid-aralan sa lalong madaling panahon. Inaatasan din ng bagong tuntunin ang mga paaralan na sundin ang mga proseso para sa suspensyon kung ang mag-aaral ay hindi pahintulutang bumalik sa silid-aralan kinabukasan o kung ang mag-aaral ay pauwiin sa bahay dahil sa pagbubukod ng silid-aralan. Ang mga magulang at mag-aaral ay may karapatan na hindi sumang-ayon sa pagbubukod ng silid-aralan at tangkaing lutasin ang hindi pagkakasundo sa distrito ng paaralan.

Gaano katagal maaaring suspindihin o pauwiin ng isang paaralan ng distrito ang isang mag-aaral?

Ang mga suspensyon at pagpapaalis ay dapat na may petsa kung kailan matatapos at hindi maaaring tumagal ng mas mahaba kaysa sa bilang ng araw na may pasok sa paaralan (tulad ng isang semestre o quarter).

Ang isang panandaliang suspensyon ay hindi maaaring lumampas sa 10 magkakasunod na araw na may pasok. Gayundin, nililimitahan ng batas ng estado ang kabuuang bilang ng mga araw na maaaring itakda ng distrito ng paaralan ang panandaliang suspensyon sa sinumang indibidwal na mag-aaral. Ang mga mag-aaral sa kindergarten hanggang ika-apat na grado ay hindi masususpende ng higit sa 10 araw na may pasok sa anumang akademikong termino. Ang mga mag-aaral sa ika-limang baitang hanggang ika-12 ay hindi maaaring masuspende ng higit sa 10 kabuuang araw ng pag-aaral sa panahon ng anumang solong trimester o labinlimang araw ng pag-aaral sa loob ng anumang semestre.

Ang isang pang-matagalang suspensyon ay hindi maaaring magpatuloy sa susunod na taon ng pag-aaral.

Ang pagpapaalis ay hindi maaaring lumampas sa haba ng isang semestre o trimester. Ang dalawang eksepsyon ay mga paglabag sa pagdadala ng armas at limitadong mga kaso kung saan inaprubahan ng superintendente ng distrito ang isang petisyon upang dagdagan ang haba ng pagpapaalis para sa mga dahilan ng pampublikong kalusugan at kaligtasan.

May utos ba sa mga distrito ng paaralan na suspindihin opaalisin ang isang mag-aaral dahil sa ilang paggawi?

Hindi inuutos ng batas sa mga distrito ng paaralan na magsuspendi o magpaalis ng mga mag-aaral dahil sa anumang paggawi. Iniutos ng batas ang pagpapaalis para sa mga paglabag na may kinalaman sa armas. Pinahihintulutan ng batas ang mga distrito ng paaralan

na gumamit ng pangmatagalang suspensyon o pagpapaalis para sa mga seryosong paggawi lamang. Ang mga distrito ng paaralan ay maaaring gumawa ng mga patakaran na nagpapahintulot sa suspensyon o pagpapaalis para sa ilang mga paglabag sa paggawi, ngunit hinihikayat ng batas ng estado ang mga distrito ng paaralan na isaalang-alang ang mga alternatibong aksyon bago magbigay ng suspensyon o pagpapaalis.

Kung may isang insidente ng paggawi, kailangan ko bang sunduin ng maaga ang estudyante ko o sumang-ayon na hayaang pauwiin ng paaralan ang mag-aaral ko nang maaga sa bahay?

Ang pagpapa-uwi sa estudyante nang maaga o paghiling sa mag-aaral na manatili sa bahay dahil sa paglabag sa paggawi ay isang pagsuspende (kahit tinatawag ito ng paaralan na "early dismissal" o "pick-up ng mag-aaral" o "day off" o iba pang termino). Bago pauwiin ng paaralan ang isang mag-aaral sa bahay dahil sa maling paggawi, ang paaralan ay dapat na magkaroon ng impormal na pagdinig sa estudyante. Ang pagdinig ay magbibigay sa mag-aaral ng pagkakataong ipaliwanag ang kanilang paggawi. Ito ay tinatawag na "angkop na paraan." Ang pagdinig ay:

1. Magbibigay ng abiso sa mag-aaral sa nalabag niyang tuntunin sa paggawi;
2. Nagpapaliwanag sa mga ebidensya; at
3. Nagpapaliwanag sa mga aksyon ng disiplina.

Ipinagbabawal ng batas ng estado sa distrito ng paaralan na pauwiin sa bahay o sabihin sa magulang na panatilihin sa bahay ang mag-aaral para sa mga paglabag sa paggawi bago ang isang impormal na pagdinig. Maliban kung makukumpirma ng magulang na binigyan ng angkop na paraan ang mag-aaral para sa suspensyon, ang magulang ay hindi kailangang sumang-ayon na sunduin ang mag-aaral o pahintulutan ang paaralan na pauwiin ang estudyante sa bahay.

Ano ang mangyayari kung alisin ng distrito ng paaralan ang mag-aaral ko sa paaralan dahil sa sitwasyong mapanganib?

Maaaring agad na alisin ng isang distrito ng paaralan ang isang mag-aaral mula sa paaralan nang hindi muna nagdadaos ng isang impormal na pagdinig sa mag-aaral. Ang tawag dito ay "emergency na pagpapaalis." Ito ay limitado sa mga sitwasyon kung saan ang isang distrito ng paaralan ay naniniwala na ang presensya ng mag-aaral sa paaralan ay nagdudulot ng agaran at patuloy na:

1. Panganib sa iba pang mga mag-aaral o tauhan ng paaralan; o
2. Banta ng malaking paggambala sa proseso ng pag-aaral.

Ang isang emergency na pagpapaalis ay dapat tapusin o mabago sa isa pang aksyong disiplina sa loob ng 10 araw na may pasok. Dapat ipaalam ng mga distrito ng paaralan sa mga magulang ang tungkol sa emergency na pagpapaalis at ang karapatang mag-apela sa loob ng 24 oras matapos alisin ng distrito ng paaralan ang mag-aaral mula sa paaralan.

Ano ang mangyayari sa mga gawaing pampaaralan sa panahon ng suspensyon o pagpapaalis?

Habang suspendido ang isang estudyante, kailangang bigyan ng distrito ng paaralan ang mag-aaral ng anumang coursework at homework ng lahat ng subject o klase. Kailangan din ng distrito na magbigay ng access sa isang miyembro ng kawani na maaaring mag-alok ng suporta upang makasabay ang estudyante sa kanilang mga subject o klase. Ang distrito ng paaralan ay maaaring magbigay ng mga serbisyong pang-edukasyon sa isang mag-aaral sa pamamagitan ng programang suspensyon sa paaralan, sa bahay ng mag-aaral, o sa ibang lugar sa loob ng distrito ng paaralan o komunidad.

Para sa mas mahabang suspensyon, maaaring ipalista ng distrito ng paaralan ang suspendidong mag-aaral sa ibang programa ng edukasyon tulad ng alternative learning experience (ALE).

Kapag ang isang mag-aaral ay napaalis o pang-matagalang sinuspinde, ano ang proseso para pahintulutan silang bumalik sa paaralan?

Ang batas ng estado ay nag-uutos sa mga distrito ng paaralan na makipagkita sa mag-aaral at mga magulang upang bumuo ng plano ng muling pakikilahok. Ang pulong ay dapat na ganapin sa loob ng 20 araw at hindi lalampas sa limang araw bago ang petsa ng pagtatapos ng suspensyon o pagpapaalis. Ang pulong ay dapat na ganapin nang mas maaga kung humihiling ang pamilya ng mas maagang pulong. Kapag bumubuo ng plano kasama ang pamilya, kailangang isaalang-alang ng mga distrito ng paaralan ang:

- Ang uri at mga kalagayan ng pangyayari sa disiplina;
- Ang kultural na kasaysayan at konteksto ng mag-aaral, mga pamantayan ng pamilya at mga halaga, at resources sa komunidad;

- Pagpapaikli ng haba ng suspensyon o pagpapaalis;
- Mga suportang akademiko at hindi pang-akademiko upang gabayan ang tagumpay sa pag-aaral ng isang mag-aaral; at
- Sinusuportahan na ang pangangailangan ng mag-aaral, mga magulang, o mga kawani ng paaralan upang maiwasan na maulit ang isang katulad na insidente

Tandaan na ang mga pagpupulong at plano ng muling pakikilahok ay iba sa mga proseso ng pag-apela ng disiplina at mga petisyon para sa muling pagtanggap.

Ang aking mag-aaral ay tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon - naaangkop din ba ang parehong mga batas?

Oo. Ang mga batas ng estado at pederal ay nagbibigay ng higit pang mga proteksyon para sa mga mag-aaral na tumatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon. Ang mga distrito ng paaralan ay dapat sumunod sa batas pederal at estado na para sa mga mag-aaral na tumatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon. Ang karagdagang impormasyon ay makukuha sa [Espesyal na Edukasyon sa Paggawi at Disiplina](#) ng OSPI at [Seksyon 504 at webpage ng Mga Mag-aaral na](#) May Kapansanan.

Ano ang maaari kong gawin kung hindi ako sumasang-ayon sa kuwento ng paaralan tungkol sa ginawa ng aking mag-aaral o sa desisyon ng disiplina sa distrito ng paaralan?

Ang paghamon sa aksyon ng distrito ng paaralan ay nag-iiba sa uri ng disiplina. Sa pangkalahatan, maaaring hamunin ng mga mag-aaral at mga magulang ang desisyon ng disiplina sa tatlong antas:

- Antas 1: Antas ng paaralan, karaniwan nang sa prinsipal
- Antas 2: Antas ng distrito, karaniwan nang sa superintendente ng distrito ng paaralan
- Antas 3: Antas ng board, alinman sa board ng paaralan o konseho ng apela sa disiplina (discipline appeal council)

Tandaan: Para sa mga suspensyon, pagpapaalis, at emergency na pagpapaalis, dapat na ipagbigay-alam ng mga mag-aaral o magulang sa distrito ng paaralan na layunin nilang hamunin ang desisyon sa loob ng isang tiyak na tagal ng panahon. Kapag nakikipag-usap sa mga distrito ng paaralan, dapat na idokumento ng mga

mag-aaral at mga magulang ang lahat ng komunikasyon at makipag-usap sa pamamagitan ng liham hangga't maari.

Ano ang ginagawa ng estado upang suportahan ang mga mag-aaral at pamilya tungkol sa disiplina?

Opisina ng Superintendente ng Publikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI), na nangangasiwa sa pampublikong pag-aaral ng K-12, ay sumusuporta sa mga mag-aaral at pamilya sa iba't ibang paraan, kabilang ang:

- 1. Gumagawangtuntunin.** Ang OSPI ay responsable sa pagpapatibay ng mga panuntunan na nagpoprotekta sa mga interes ng mga mag-aaral at nagbibigay ng mga pamamaraan na dapat sundin ng mga distrito. Kamakailan ay pinagtibay ng OSPI ang mga bagong tuntunin ng estado para sa disiplina ng mag-aaral. Ginawa ng bagong tuntunin na simple ang pananalita at nilinaw ang mga kahilingan para sa mga pamilya at distrito. Ang mga bagong alituntunin ay nagbibigay din sa mga mag-aaral at mga pamilya ng higit pang mga pagkakataon na maging kasangkot sa paggawa ng desisyon sa lokal na antas. Ang website ng Disiplina ng Mag-aaral ng OSPI ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga tuntunin ng estado para sa disiplina ng estudyante.
- 2. Suportang teknikal.** Nagbibigay ang OSPI ng impormasyon at resources sa mga mag-aaral at pamilya batay sa kung ano ang kaso.

3. Pagsunod sa mga karapatang sibil. Ang OSPI ay maaaring magbigay ng suporta para sa mga pamilya na nababahala tungkol sa diskriminasyon sa paglalapat ng disiplina. Halimbawa, kung naniniwala ka na ang distrito ng paaralan ay hindi naging patas sa iyong mag-aaral dahil sa kanilang lahi, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, o iba pang protektadong klase, ang OSPI's Office of Equity at Mga Karapatang Sibil ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa (1) iyong mga karapatan at (2) kung paano mag-file ng reklamo sa diskriminasyon.

4. Mga resources. Ang OSPI ay bumubuo ng karagdagang resources para sa mga pamilya at mga distrito ng paaralan, kabilang ang mga module ng pagsasanay para sa mga tagapagturo, upang suportahan ang mga makatarungang resulta sa disiplina ng mag-aaral.

Para sa Higit Pang Impormasyon

- Hinihikayat ng OSPI ang mga distrito ng paaralan na gumamit ng mga kasanayan at estratihiya na kasama sa [Menu sa Paggawi ng Pinakamahusay na mga Kasanayan at Estratihiya](#).
- [Pagdisiplina sa estudyante sa OSPI](#): Karagdagang impormasyon tungkol sa mga batas ng disiplina ng estado, ang mga bagong panuntunan sa disiplina, at resources ng OSPI.
- Para sa mga katanungan o alalahanin tungkol sa diskriminasyon, kontakin ang OSPI Equity sa [Opisina ng Karapatang Pantao](#).